# Ang sinumang nag-alaga ng isang aso maliban sa isang aso ng pangangaso o [pagbabantay ng] hayop, may nababawas [na gantimpala] mula sa gawa niya na dalawang qīrāt sa bawat araw

Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang nag-alaga ng isang aso maliban sa isang aso ng pangangaso o [pagbabantay ng] hayop, may nababawas [na gantimpala] mula sa gawa niya na dalawang qīrāt sa bawat araw." Nagsabi si Sālim: "Si Abū Hurayrah noon ay nagsasabi: O isang asong ng taniman. Siya ay may-ari ng isang taniman."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pag-aalaga ng mga aso maliban sa pangangailangan sa pangangaso o pagtatanod ng mga hayop at mga pananim. Ang sinumang nag-alaga nito dahil sa hindi dahilang iyon, may nababawas mula sa gantimpala ng gawa niya sa bawat araw na dalawang qīrāt, na isang sukat na nalalaman sa ganang kay Allāh (napakataas Siya).



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee